Kay rami ng [taong] gulu-gulo ang buhok na itinutulak sa mga pintuan, na kung sakaling susumpa kay Allāh ay talagang tutupad siya nito."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kay rami ng [taong] gulu-gulo ang buhok na itinutulak sa mga pintuan, na kung sakaling susumpa kay Allāh ay talagang tutupad siya nito."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na mayroon sa mga tao na nagkabuhul-buhol ang buhok na inalikabukan, na hindi naglalangis nito at hindi nagpapadalas ng paghuhugas nito, na walang halaga ukol sa kanya sa ganang mga tao kaya sila ay nagtutulak sa kanya palayo sa mga pintuan nila at nagtataboy sa kanya palayo dala ng pagmamata sa kanya gayon pa man kung sakaling sumumpa siya sa pagkapangyari ng isang bagay ay magpapangyari nito si Allāh bilang pagpaparangal sa kanya sa pamamagitan ng pagtugon sa hiling niya at pangangalaga sa kanya laban sa pagtatalusira sa panunumpa niya. Iyon ay dahil sa kalamangan niya at katayuan niya sa ganang kay Allāh.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3715